
# *Alay kay kasamang Sonny*



*Sa maybarikada*
*Ang matagana mong dugo ay dumaloy.*
*Punglo ng reaksiyonaryo'y*
*pinuti ang iyong buhay.*
*Habang ang mga bayarang pasista'y*
*lubos-ngiti sa kasiyahan,*
*tingga'y*
*tagos sa iyong bungo,*
*baon sa iyong utak.*

*Sapagkat ika'y nagtayo't nagsulong ng*
*BARIKADA*
*laban sa dayuhang imperyalista,*
*Pawis, dugo't buhay iyong inialay.*
*Ika'y nakibaka,*
*abutin mang*
*hininga mo'y magkalagut-lagot.*

*Ang iyong giting ay saksi*
*ng lahat na mapanghimagsik.*
*Panglaw sa iyong kamataya'y*
*Ngayo'y nagngangalit na tapang maka-rebolus-syonaryo!*
*Ang mga barikada'y lubhang*
*dumarami, tumataas, tumatatag—*
*sa ngalan mo, kasamang Sonny,*
*at sa Pambansang Demokratikong Rebolusyon.*

*Ang dugo mo't ng iba pang mga bayani,*
*na sa dada'y nakakalat at namumula,*
*ay siyang pinaka-lupa*
*na kung saan ang lipunang walang barikada*
*ay uusbong.*